Mahahalagang Serbisyong Pangkalusugan ng Medi-Cal

# para sa Mga Batang 1 Hanggang 6 na Taong Gulang

San Francisco Health Plan℠

Nakakatulong ang mga regular na check-up para manatiling malusog at hindi magkasakit ang iyong anak. Ang mga check-up na ito ay tinatawag na **mga pagpapatingin ng batang walang sakit.** Sa Medi-Cal, libre ang mga well-child visit. Maaari ka ring makakuha ng masasakyan papunta sa at pauwi mula sa pagbisita para sa kalusugan.



## Makakatulong ang doktor ng iyong anak.

Tawagan ang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ng iyong anak upang magpaiskedyul ng well-child visit. Ang PCP ay iyong personal na doktor kung kailangan mo ng check-up, gusto mo ng payo tungkol sa problema sa kalusugan, o nagkasakit o nasaktan ka.

Maaari ding sabihin sa iyo ng PCP kung kailangan ng iyong anak ng mga bakuna (mga iniksyon). Pinipigilan ng mga bakuna na magkaroon ng malubhang sakit ang iyong anak. Pinoprotektahan din nito ang ibang tao sa paligid mo na magkasakit. Maaaring kailangan ng iyong anak ng ilang partikular na bakuna para pumasok sa day care o paaralan.

Sa pagpapatingin ng batang walang sakit, titingnan ng PCP kung kumusta ang paglaki ng iyong anak. Maaari din niyang suriin kung may mga problema sa **paningin, pandinig, pagkain,** at sa kanyang **kalusugan ng pag-iisip.**

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong anak, magtanong sa PCP.

Sasailalim din ang iyong anak sa pagsusuri ng lead sa dugo sa pagsapit ng 12 buwang gulang (1 taong gulang) at 24 na buwang gulang (2 taong gulang). Susuriin nito kung nalantad sa lead ang iyong anak. Maaaring magkaroon ng mga pangmatagalang problema sa kalusugan kapag nalantad sa lead.



### Kasama sa Mga Iminumungkahing Bakuna
## para sa Mga Batang Wala Pang 7 Taong Gulang ang:



- **Trangkaso**
- **Hepatitis B (Hep B)**
- **Haemophilus influenzae type b (Hib)**
- **Pneumococcal conjugate (PCV15, PCV20)**
- **Polio (IPV)**
- **COVID-19**
- **Tigdas, beke, at tigdas-hangin (Measles, mumps, and rubella, MMR)**
- **Varicella (VAR)**
- **Hepatitis A (HepA)**
- **Dipterya, tetano, at acellular pertussis (Diphtheria, tetanus, and acellular pertussis, DTaP)**

**Kung may hindi naibigay na bakuna sa iyong anak, hindi ninyo kailangang magsimula ulit. Tawagan kaagad ang iyong PCP upang magpaiskedyul ng "pahabol" na pagbisita o upang magtanong.**

001770TL 1125